

Kapag Nawawala ang Wika, Nawawala Rin ang Kuwento: Ang Hamon ng Pagpapanatili ng Wikang Katutubo

Lorena B. Tiana

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University,
R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000
Corresponding email: lorenabawi344@gmail.com*

May mga kuwentong hindi maisasalin nang buo sa ibang wika. May mga salitang naglalaman ng alaala ng isang lugar, pangalan ng isang halaman, paraan ng pakikitungo sa kapwa, paniniwala ng isang komunidad, at karanasang naipasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Kapag tuluyang nawala ang wikang naglalaman ng mga ito, hindi lamang salita ang nawawala. Nawawala rin ang bahagi ng kuwento ng isang bayan.

Ang Pilipinas ay isang bansang mayaman sa wika. Gayunman, ang pagkakaroon ng maraming wika ay hindi nangangahulugang pantay-pantay ang kalagayan ng mga ito. May mga wikang mas malawak ang gamit sa paaralan, pamahalaan, media, at ekonomiya. Dahil dito, maaaring mapalitan ng dominanteng wika ang mga wikang ginagamit lamang sa tahanan o maliit na komunidad. Ang ganitong proseso ay nagdudulot ng language shift at maaaring humantong sa language loss.

Ipinapakita ng pananaliksik nina McCarty at Nicholas (2014) na ang pagpapanumbalik ng Indigenous languages ay hindi lamang usapin ng pagpapanatili ng bokabularyo o grammar. Ito ay usapin ng identidad, karapatan, at responsibilidad ng komunidad. Ang paaralan ay maaaring maging mahalagang katuwang, ngunit hindi dapat ang paaralan lamang ang inaasahang magligtas sa isang wika.

Mahalaga rin ang papel ng kabataan. Madalas silang inilalarawan bilang henerasyong mas naaakit sa dominanteng wika at modernong kultura. Ngunit maaari rin silang maging pinakamahalagang katuwang sa revitalization. Sa pag-aaral nina McCarty at Nicholas (2018), ang language reclamation ay nakaugnay sa pagbibigay ng boses at agency sa Indigenous communities. Ang wika ay hindi lamang isang sistemang dapat “i-preserve”; ito ay isang paraan ng pamumuhay at pagpapahayag ng pagkakakilanlan.

Sa ganitong pananaw, mahalaga ang community-led initiatives. Ipinakita ni Meighan (2023) na ang Indigenous language revitalization ay maaaring pagsamahin ang community-based language planning at teknolohiya. Sa pamamagitan ng digital tools, maaaring lumikha ng virtual communities of practice, learning materials, recordings, at iba pang resources na nakatutulong sa intergenerational transmission.

Mahalaga rin ang tahanan. Ayon kina King, Fogle, at Logan-Terry (2008), ang family language policy ay may malaking papel sa pagpapanatili ng minority languages dahil dito nagsisimula ang aktuwal na paggamit at paghahatid ng wika sa mga bata. Kung hindi ginagamit ang isang wika sa pang-araw-araw na buhay, mahihirapan itong mabuhay kahit may programa pa sa paaralan.

Kaya ang pagpapanatili ng wikang katutubo ay hindi lamang responsibilidad ng mga guro, lingguwista, o pamahalaan. Responsibilidad ito ng pamilya, kabataan, komunidad, paaralan, media, at bawat taong may kakayahang gamitin ang wika. Maaari tayong gumawa ng digital dictionaries, videos, podcasts, kuwento, kanta, at social media content sa mga katutubong wika.

Sa bawat salitang ginagamit natin, may kuwentong ipinagpapatuloy. Kung nais nating manatiling buhay ang mga kuwento ng ating mga ninuno, kailangan nating panatiliing buhay ang mga wikang nagsasalaysay ng mga ito.

References

- King, K. A., Fogle, L., & Logan-Terry, A. (2008). Family language policy. *Language and Linguistics Compass*, 2(5), 907–922. <https://doi.org/10.1111/j.1749-818X.2008.00076.x>
- McCarty, T. L., & Nicholas, S. E. (2014). Reclaiming Indigenous languages: A reconsideration of the roles and responsibilities of schools. *Review of Research in Education*, 38(1), 106–136. <https://doi.org/10.3102/0091732X13507894>
- McCarty, T. L., Nicholas, S. E., Chew, K. A. B., & others. (2018). Hear our languages, hear our voices: Storywork as theory and praxis in Indigenous-language reclamation. *Daedalus*, 147(2), 160–172. https://doi.org/10.1162/DAED_a_00499
- Meighan, P. J. (2023). “What is language for us?”: Community-based Anishinaabemowin language planning using TEK-nology. *Language Policy*, 22, 223–253. <https://doi.org/10.1007/s10993-023-09656-5>
- Hollebeke, I., Dekeyser, G. N. M., Caira, T., Agirdag, O., & Struys, E. (2023). Cherishing the heritage language: Predictors of parental heritage language maintenance efforts. *International Journal of Bilingualism*, 27(6), 925–941. <https://doi.org/10.1177/13670069221132630>

ARTICLE DETAILS

PG-0000016; Received: January 25, 2026; Accepted: January 27, 2026; Published: January 29, 2026

CITATION:

Tiana, Lorena B. (2026). *Kapag Nawawala ang Wika, Nawawala Rin ang Kuwento: Ang Hamon ng Pagpapanatili ng Wikang Katutubo*. DOI: 10.64591/sn6c0y03

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.